# Balitang Manmin

BILANG 96 NOBYEMBRE 17, 2013


# Mga Madamdaming Tagpo sa Pagsamba at Pagtatanghal sa Pagdiriwang ng Ika-31 Anibersaryo ng Iglesya


1


2


3


4


5


6


7



8


9


10

Ang Diyos ay niluwalhati ng Manmin Central Church sa pagdiriwang nila ng ika-31 anibersaryo. Nagdaos sila ng mga pagsamba at pagtatanghal noong bisperas nito, Biyernes ng gabi, Oktubre 11 at pagdiriwang noong Linggo, Oktubre 13. Ang lahat ng programa ay naibrodkast sa GCN TV kaya nagkaroon ng pagkakataong makibahagi ang may 10,000 sangay at katuwang na mga iglesya. Ipinangaral ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang mga mensaheng may pamagat na “New Jerusalem” (Bagong Jerusalem) batay sa Apocalipsis 21:10-11 sa umaga at sa gabing pagsamba sa araw ng Linggo. Tinalakay niya ang tatlong klaseng pagpapala na ibinuhos ng Diyos sa mga miyembro ng Manmin para dalhin sila sa lungsod ng Bagong Jerusalem (litrato 1). Sinabi niyang ibinigay sa kanila ng Diyos ang pagpapala ng pagsisisi sa pamamagitan ng sakripisyo at pag-ibig ng Espiritu; ang pagpapalang maunawaan ang Salita mula sa kaibuturan ng puso; at ang pagpapala para maiwaksi nila ang kanilang mga kasalanan. Pagkatapos ng Pagsamba sa Linggo ng gabi na sinimulan ng ika-3:00 ng hapon, ipinalabas na ang pagtatanghal. Ang tema ay “The Castle of the Shepherd in New Jerusalem II” (Ang Kastilyo ng Pastol sa Bagong Jerusalem II) (litrato 3). Ang komite ng sining ng iglesya ang nagtanghal nito sa loob ng isang oras. Puno ito ng pagpuri sa Diyos kaya napuspos ng pag-asa ang mga tao para sa Bagong Jerusalem, ang pinakamagandang tirahan sa Langit. Nagpasalamat sila sa pag-ibig ng Diyos na gumagabay sa kanila patungo sa Bagong Jerusalem at nadama nila ang kasiyahan at pagkamanghang makalangit sa napakagandang kastilyo ng pastol.

Sinabi ni Dr. Morgulis, pangulo ng Spiritual Diplomacy Foundation, Estados Unidos, “Ang pagtatanghal ay propesyunal at kamangha-mangha. Naniniwala akong niloob ng Panginoon na magsulong ng mataas na klaseng buhay tungkol sa sining ang mga nagtanghal dahil naipaabot nila ang tunay na pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon, at ang tapat na pagmamahal ni Dr. Lee sa mga tao” (litrato 2). Pagkatapos ng pagtatanghal, sinabi ng Punong Pastor Dr. Lee, “Lumalago ang pananampalataya ng mga miyembro ng Manmin dahil nakikita nilang natutupad ang maraming bagay dahil sa pananampalataya, pagtitiwala at pagsunod sa Salita na nakasulat sa Biblia. Tumatanggap din sila ng maraming biyaya mula sa Diyos. Umaasa ako na kung kumakain man kayo o umiinom, at kahit anong ginagawa ninyo, magbigay nawa kayo ng luwalhati sa Diyos na napakabuti.” Hiniling niya sa mga tao sa Korea at sa ibang bansa na idalangin ang pang-anim na santuwaryo ng iglesya, ang Canaan Sanctuary (Santuwaryo ng Canaan). Ang okasyong ito at ang mga pagsamba ay dinaluhan ng mga tao mula sa labimpitong mga bansa kasama ang Estados Unidos, Israel, Bulgaria, Mexico, at Kenya. Nagsama-sama ang mga Cristianong mamamahayag, at mga prominenteng tao mula sa politika at relihiyon para magpaabot ng pagbati at makipagdiwang ng anibersryo (litrato 6, 7). Naghanda din ng masasarap na pagkain para sa mga inimbitang miyembro ng iglesya at mga pamilya at kamag-anak. Nagkaroon din ng espesyal na pagpapalitrato, nasiyahan ang lahat (litrato 8, 9, 10).

Noong Oktubre 11, Biyernes, idinaos ang bisperas ng pagdiriwang sa ika-31 anibersaryo, pagsamba, at pagtatanghal sa magdamag na pagsamba. Sa unang bahagi, inihatid ni Dr. Jaerock Lee ang mensahe tungkol sa mga makapangyarihang pagkilos na naipahayag sa taong 2013. Ipinakita naman ang pagtatanghal ng komite ng sining para sa pagdiriwang sa ikalawang bahagi. Ang kapangyarihan ay ipinahayag sa pamamagitan ng tradisyunal na sayaw ng Korea, mga awit, at pagtugtog ng musika ng Nissi Orchestra. Niluwalhati at pinasalamatan nila ang Diyos na namumuno sa Manmin sa loob ng 31 taon ng may napakaraming pagpapala. Pagkatapos, nanguna sa awitan ng mga miyembro ang lider ng papuri na si Rose Han. Naghandog sila sa Diyos ng mabangong samyo ng pasasalamat at kagalakan. Inawit nila ang mga awiting mula sa Diyos tulad ng ‘Walk of Faith 3’, ‘Power 2’, and ‘Let Us Go Forth’ (litrato 4, 5).

# Mapapalad ang mga Nagugutom at Nauuhaw sa Katuwiran

"Mapapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila ay bubusugin" (Mateo 5:6).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Ang katuwiran ng Diyos ay ang pagsunod sa kalooban Niya at pagsasabuhay ng Salita Niya na siyang kabutihan at katotohanan. Tinutukoy nito ang bawat hakbang na dapat nating gawin hanggang sa lubos nating maibalik ang nawalang wangis ng Diyos at maging banal.

Kapag nagugutom at nauuhaw tayo sa katuwiran, tatamasahin natin ang walang hanggang kabusugan. Ito ay espirituwal na kabusugan. Pag-aralan natin ito.

### 1. Mapapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran

May isang kasabihan sa Korea na ganito, "Magiging magnanakaw ang isang taong tatlong araw ng hindi kumakain." Sinasabi nito ang masamang idinudulot sa katawan at pag-iisip ng isang taong gutom. Noong araw, lugaw na gawa mula sa loob na bahagi ng balat ng kahoy o mga ugat ng halaman ang kinain ng mga tao dahil napakahirap nila.

Sa Lumang Tipan, kinain pa ng mga tao ang sarili nilang anak dahil sa sobrang gutom (2 Mga Hari 6:28-29). Pero mas mahirap tiisin ang uhaw. Kung mainit ang panahon at nauuhaw tayo, kahit kaunting tubig lang, kuntento na tayo.

Gusto ng Diyos na maghangad ang pinakamamahal na mga anak Niya na makamit ang katuwiran Niya tulad ng isang taong nauuhaw at nagugutom. Ibig sabihin, gusto Niyang maalab nating hanapin ang kalooban Niya, sundin ang Salita Niya ng buong puso, at kumilos ng ayon sa sinasabi nito.

Ang dahilan nito ay sapagkat ang mga masigasig na naghahangad na maiwaksi ang lahat ng kasalanan at kasamaan, ang mga nananahan sa Salita ng Diyos, ang mga tumutulad sa Panginoon, at nakikibahagi sa kabanalan ay magiging tunay na pinagpala.

Gaano ba ang gutom at uhaw ninyo para sa katuwiran? Iniisip ba ninyo, 'Kuntento na ako sa pagsisimba at pakikinig ng Salita.'? Kahit napakarami ninyong alam tungkol sa Salita, kung hindi naman ninyo ipapahayag at ipapakita ito, ang pananampalataya ninyo ay patay. Ito ang sinasabi sa Santiago 2:17. Kayo ay katulad ng mga palaging nagugutom at nauuhaw dahil hindi kayo kumakain o umiinom kahit mayroong pagkain sa harapan ninyo.

### 2. Kung kakainin nila ang laman at iinumin ang dugo ng Anak ng Tao, pwede silang kumilos sa Liwanag

Sa Juan 6:53, sinabi ni Jesus, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, malibang inyong kainin ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang Kanyang dugo, wala kayong buhay sa inyong sarili." Sa Juan 6:55, sinabi din Niya, "Sapagkat ang Aking laman ay tunay na pagkain, at ang Aking dugo ay tunay na inumin." Ibig sabihin, ang laman at dugo ni Jesus, ang Anak ng Tao, ay ang epirituwal na pagkain at inumin na bubusog sa gutom at uhaw natin.

Anong kahulugan ng 'kainin ang laman ng Anak ng Tao'? Sinasabi sa Juan 1:1, "Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos." At mababasa sa Juan 1:14, "At naging tao (laman) ang Salita, at tumahang kasama namin, at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatiang gaya ng sa tanging Anak ng Ama, puspos ng biyaya at katotohanan." Si Jesus ang Salita ng Diyos na naging laman. Ang laman ng Anak ng Tao ay laman ni Jesus na dumating sa mundong ito bilang laman.

Ang kahulugan ng 'kainin ang laman ng Anak ng Tao' ay masigasig na pag-aaral ng Salita ng Diyos bilang espirituwal na pagkain. Hindi lang ito kaalaman tungkol sa Salita, maalab din dapat ang pananalangin tungkol dito. Dapat ding suriin ang mga sarili para magkaroon ng pag-unawang nagmumula sa puso. Dapat din nating itanim ang Salita sa kaibuturan ng puso natin.

Anong ibig sabihin ng 'inumin ang dugo ng Anak ng Tao'? Hindi matutunaw ang kinain ninyo kahit ito ay napakasarap at masustansya kung hindi kayo iinom ng tubig. Parang ganito rin kung makikinig at mag-aaral kayo ng Salita ng Diyos. Kung hindi ninyo ito isasabuhay, mawawalan ito ng halaga sa buhay ninyo. Samakatwid, ang kahulugan ng 'inumin ang dugo ng Anak ng Tao' ay pagsasabuhay ng Salita ng Diyos nang may pananampalataya. Pagkatapos ninyong marinig ang Salita ng Diyos, suriin ninyo ang sarili ninyo, hanapin kung saan kayo nagkukulang, itanim ninyo ito sa puso ninyo, sundin, iwaksi ang mga kasamaan, at kumilos ayon sa Liwanag. Kung gagawin ninyo ito, matutunaw ang pagkain (Salita ng Diyos), at makakamit ninyo ang katuwiran ng Diyos.

Dapat palaging pagsikapang alamin, hanapin, at baguhin ang pagkilos, kalooban, at saloobin ng mga nakakaunawa ng kahulugan ng 'espirituwal na pagkain at inumin' at 'kainin ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang dugo Niya'.

Dapat nauuhaw din sila na matuto kung paano babayaran ang pag-ibig ng Panginoon, magbigay lugod sa Diyos, at tuparin ang mga bagay na nais Niya. Pagsikapan nilang makamit ang katuwiran ng Diyos, gaya ng isang taong nagugutom at nauuhaw. Maaari na nilang sundin ang Salita ng Diyos sa sandaling marinig nila ito, iwaksi ang kasalanan at kasamaan, at kumilos ayon sa Liwanag.

### 3. Para tanggapin ang pagpapala ng espirituwal na pagkagutom nang may pananampalataya ng isang ama

Kung nagugutom at nauuhaw tayo para sa katuwiran, maghahangad tayo ng pagpapabanal. Mas mabilis nating maiiwaksi ang mga bagay na ipinapatanggal sa atin ng Diyos mula sa puso, saloobin, at pagkilos natin. Maaari na nating sundin ang mga salita sa Biblia na nagsasabi sa atin na 'gawin', 'huwag gawin', 'sundin' at 'iwaksi'.

Kung nagugutom at nauuhaw tayo para sa katuwiran ng Diyos, iwawaksi natin ang mga kasalanan at kasamaan at tutuparin ang espirituwal na kalooban. Gagawin nating espirituwal na pagkain ang Salita ng Diyos at kikilos ayon dito. Ito ang pagpapalang espirituwal na kabusugan. At kung lubos ang pagtupad natin sa Salita ng Diyos, magiging banal tayo, may perpektong pagtulad sa Diyos. Kung tutularan natin ang Ama, ibibigay Niya sa atin ang kapangyarihan at kalakasan.

Sinasabi sa 1 Juan 2:13, "Mga ama, kayo'y sinusulatan ko, sapagkat inyong nakilala Siyang nagbuhat pa nang pasimula..." makakamit natin ang pananampalataya ng mga ama, na nakakabatid ng eksaktong kalooban ng Diyos, at sumusunod dito. Ito ay pagpapala ng espirituwal na kabusugan.

Para magkaroon ng dakilang pananampalataya tulad ng mga ama, kumain tayo ng espirituwal na pagkain para lumago sa pananampalataya. Parang mga bata, kung kumakain silang mabuti, lalaki silang matalino. Mauunawaan nila ang mga magulang nila. Sa espirituwal na diwa, kung isasabuhay natin ang katuwiran ng Diyos, lalago ang pananampalataya natin at susundin natin Siya dahil batid natin ang kalooban Niya. Sa madaling salita, tatamasahin natin ang kabusugan ng espiritu natin.

Kapag naging malago ang espirituwal na pananampalataya natin tulad ng pananampalataya ng isang ama, pagpapalain tayo at sasagana sa lahat ng bagay. Mapagtatagumpayan at maitataboy natin ang kaaway na diyablo at Satanas. Magiging espirituwal tayo at mauunawaan natin ang kalooban ng Diyos kaya susundin natin ito.

Mababasa sa Mga Taga-Roma 8:14, "Sapagkat ang lahat ng pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay sila ang mga anak ng Diyos." Kung mayroon tayong espirituwal na pananampalataya pwede tayong makipag-ugnayan sa Diyos at tanggapin ang patnubay ng Espiritu. Magkakaroon tayo ng kasaganahan sa lahat ng bagay. Ang pagpapala ng kabusugan ng espiritu ay inspirasyon, lakas, puspos ng Espiritu, at araw-araw na pakikipag-ugnayan sa Diyos.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ang mga tumatanggap ng pagpapala ng kabusugan ay walang dahilan para magkaroon ng mga pagsubok. Tutulungan tayo ng Diyos na maiwasan ang mga balakid sa pamamagitan ng paggabay ng Banal na Espiritu. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na magutom at mauhaw kayo sa katuwiran, tanggapin ang mga pagpapala ng kaligtasan at mga kasagutan, magkaroon ng espirituwal na bunga, maging espirituwal at banal, at manahang nagniningning tulad ng kaluwalhatian ng araw sa Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# “Nahanap ko ang kaligayahan sa Manmin Central Church”

Basahin natin ang ilan sa mga patotoo ng mga dumalo sa Manmin para makipagdiwang ng ika-31 anibersaryo.



## Natutuhan ko kung paano dapat mahalin ng pastol ang kawan

Rev. Jeeva Solomon Raj, Punong Pastor, All Nations Church, Sri Lanka

Dahil Hinduism ang paniniwala ko bago ako naging Cristiano, mas naging masigasig ako sa pangangaral ng ebanghelyo sa mga sumasamba sa mga diyus-diyosan. Ibinalita sa akin ng kaibigan kong si Pastor Nishan Cooray ang tungkol sa Manmin Central Church. Mula noon, tumanggap ako ng malaking pagpapala sa mga makapangyarihang mensahe ni Dr. Jaerock Lee na maliwanag at puspos ng espiritung ipinapaliwanag ang Salita ng Diyos, mula Genesis hanggang sa Apocalipsis.

Kahit maiksing panahon lang ang pagbisita ko sa Manmin, nakita ko kung paano dapat mahalin ng pastol ang kawan at paano sila paglilingkuran. Naantig ang puso ko ng pagmamahal ni Dr. Jaerock Lee para sa mga kaluluwa at ng pagpapakumbaba niya. Pinapatnubayan niya ang bawat miyembro ng iglesya nang may pag-ibig. Nadadama nila ito kaya sumusunod sila sa kanya.

Humanga ako sa maliwanag at malinis na santuwaryo, pati sa mga miyembrong sumasamba sa espiritu at katotohanan, walang hintong nananalangin, at nagsisikap magpakabanal. At nakakamangha, nang bisitahin ko ang lugar ng Muan Sweet Water, kung saan naging tubig na pwedeng inumin ang maalat na tubig dahil sa kapangyarihan ng Diyos, pinagaling Niya ang rayuma ko sa tuhod. Dahil sa sakit na idinulot nito, hindi ako makaluhod, pero ngayon, wala nang problema. Hallelujah!



## Nagalak ako sa pagtatanghal sa pagdiriwang!

Dr. Lyubka Tancheva, propesor sa Institute of Neurobiology, Bulgarian Academy of Sciences

Namangha ako sa buhay-Cristiano ng mga miyembro ng Manmin. Sinusunod nila ang Biblia sa araw-araw na pamumuhay kaya napakabuti ng pananampalataya nila. Sa palagay ko, ang dahilan nito ay sapagkat tama ang pagtuturo ni Dr. Jaerock Lee tungkol sa Salita ng Diyos.

Ang pinakakahangahanga para sa akin ay ang respeto, paglilingkod, at pagmamahal sa pagitan ni Dr. Lee at ng mga miyembro ng iglesya. Naantig ang damdamin ko dahil nakipagkita si Dr. Lee at pinaglingkuran niya kami ng may mabuting kalooban at pagpapakumbaba.

Nakakatuwa ang pagtatanghal sa pagdiriwang ng anibersaryo ng iglesya. Kawili-wili ito at napakapropesyunal. Mahusay ang pagkaespirituwal nito kaya hinaplos ng Espiritu ang damdamin ko. Nakakagiliw din ang pagtatanghal ng mga bata, puno ito ng init at dedikasyon para sa kaluwalhatian ng Diyos. Nagmula sa Diyos ang pagtatanghal na ito at hindi sa tao kaya ipinapakita nito ang dakilang pag-ibig Niya.



## Nakita ko kung paano magkakaroon ng buhay na banal sa pamamagitan ng mga miyembro ng iglesya

Dr. Anel Guadarrama Perez,
doktor ng mga bata, mula sa Mexico

Dumalo ako sa Kenya International Christian Medical Conference na idinaos sa Nairobi, Kenya at pinamunuan ng World Christian Doctors Network. Hinaplos ang damdamin ko ng mga pagpapagaling dahil sa pagkilos ng Espiritu. Magmula noon, nakinig na ako ng mga sermon ni Dr. Jaerock Lee sa internet. Tumanggap ako ng maraming pagpapala dahil dito. Nagpunta ako sa Manmin Central Church para matutuhan at maranasan ang banal na pamumuhay. Natuto ako sa pagmamasid kung paano sumamba, manalangin, mamuhay, at maglingkod ang mga miyembro.

Parang nasa Langit ako habang pinapanood ko ang pagtatanghal sa pagdiriwang ng ika-31 anibersaryo ng iglesya. Ang ilaw, kasuotan, at mga props ay nakadagdag sa makalangit na kagandahan at nakapukaw ng pag-asa para sa Langit. Nang makita ko ang pagkilos ng Diyos sa Muan Sweet Water at sa aquarium kung saan makikitang lumalangoy na magkahalo ang mga isdang-tabang at isdang tubig-alat, nagtiwala akong lahat ng bagay ay posible kung kasama ang Diyos.

Nakakamanghang makita ang gabi-gabing pulong-panalanging Daniel at ang magdamag na pagsamba tuwing Biyernes. Humanga ako sa libu-libong mga miyembro ng iglesya na nananalangin at sumasamba mula gabi hanggang madaling araw. Nagsasagawa ako ng boluntaryong panggagamot sa iglesya ko. Isipin ko lang na maiipangaral ko ang ebanghelyo ng kabanalan na puno ng pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa mga miyembro ng iglesya ko, umaapaw na ang kaligayahan ko.



## Binago ng ebanghelyo ng kabanalan ang tribo ng Lahu

Pastor Nananikom Kaseng,
Niran Manmin Church, Thailand

Nabalitaan ko ang tungkol sa ministeryo ng Manmin mula kay Pastor Woraphon sa Chai Prakan Manmin Church sa Thailand. Pagkatapos, nagkaroon ako ng pagkakataong isalin ang mga libro ni Dr. Jaerock Lee na *Ang Mensahe ng Krus*, *Heaven I & II*, at *Hell* sa wika ng Lahu. Ipinapahayag ng mga libro ang Salita ng Diyos at ipinapaliwanag sa paraang madaling maintindihan. Naantig ang damdamin ko habang nagsasalin.

Gusto kong dalhin ang ebanghelyo ng kabanalan sa mga Myanmarese at Lahu sa Laos. Nakakuha ng kopya ng *Ang Mensahe ng Krus* ang ilang mga Lahu na tumawid sa pambansang hangganan. Binasa nila ang libro kaya tumanggap sila ng maraming pagpapala. Dahil dito, hiniling ng mga Lahu na magsagawa ako ng mga seminar. Ipinangaral ko doon ang ebanghelyo ng kabanalan.

Nagdadaos ako ng pulong-panalangin bawat gabi at itinuturo ang ebanghelyo sa mga pagsamba. Nagsisikap ang mga miyembrong mabuhay ayon sa Salita ng Diyos. Ang mga pagsamba, awitan, at pananalangin ay puspos ng Banal na Espiritu. Nagpupunta sila dati sa mga salamangkero kapag may sakit sila, pero hindi na ngayon, hindi na rin sila umiinom ng gamot. Gumagaling sila sa pamamagitan ng pananampalataya.

Taos-puso akong nagpapasalamat kay Dr. Lee na tumulong sa amin para magkaroon ng tunay na pananampalataya sa pamamagitan ng mahalagang mga mensahe ng buhay. Hinahangad kong isalin ang lahat ng libro ni Dr. Lee sa wika ng Lahu at ihatid ito sa tribo nila sa Thailand, Myanmar, at Laos.





# Ang Pagtatanghal sa Pagdiriwang ng Ika-31 Anibersaryo ng Manmin Central Church

Ang pagtatanghal ng “The Castle of the Shepherd in New Jerusalem II” (Ang Kastilyo ng Pastol sa Bagong Jerusalem II) sa pagdiriwang ay ipinalabas sa isang espesyal na entablado sa pinakamalaking santuwaryo ng Manmin Central Church. Mahigit-kumulang 400 tao ang tumulong sa pagtatanghal na ito, kasama na dito ang mga grupo ng pagtatanghal, mga choir, Nissi Orchestra, at iba pang mga tauhan. Nagbigay ng makalangit na kagalakan, kasiyahan, kahiwagaan, at mabangong samyo ng pag-ibig ang pagtatanghal. Hindi ito karaniwang mararanasan dito sa mundo.

**Awit ng Papuri ng Arkanghel ng Papuri**

Nagsimula ang pagtatanghal sa isang makabagbag damdaming awit ng papuri mula sa Arkanghel ng Papuri sa makalangit na wika. Sinabayan ito ng napakagandang sayaw ng Arkanghel ng Sayaw.





**Halamanan ng Panahon**

Ilang halamanan ang ipinakita para madama natin ang apat na klase ng panahon – tagsibol, tag-init, taglagas, at taglamig.





**Halamanan ng mga Bulaklak**


Tinatamasa ang tagsibol sa halamanang ito sa kastilyo ng pastol, may mga magagandang bulaklak na mayroong hindi pangkaraniwang bango.





**Halamanan ng Taglamig**

Sa Halamanan ng Taglamig maaari tayong makibahagi sa kagalakan at kasiyahan sa niyebe na hindi maikukumpara dito sa mundo.





**Parke ng Libangan**

Ipinakita ang parke ng libangan sa kastilyo ng pastol.





**Sa Dagat**

Makikita natin ang mahiwaga, maganda, at malalim na dagat, buong pagmamahal ding lalapit sa atin ang mga isda.





**Landas**

Ang magandang landas ay isang lugar kung saan pwede nating maalala ang naging buhay natin habang dumadaan tayo sa pangangalaga dito sa lupa.





**Ang Kastilyo ng Pastol**

Naghandog ng luwalhati at papuri sa Diyos ang mga miyembro ng iglesya, nagpasalamat din sila sa pastol sa pag-imbita sa kanila sa kastilyo niya.





## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714